

# CHAPTER *One*

**D**uncan met Elena in a bar. Napaka-striking nitong tingnan sa backless black maxi dress dahil itim na itim din ang mahaba at straight nitong buhok na may bangs na bumabagsak sa itaas ng mga kilay nito. Morena ito, matangos ang ilong at malalim ang mga mata. Matangkad ito at slim, pang-model ang dating.

Ang babae ang unang ngumiti sa kanya. Binilhan niya ito ng maiinom. Pagkatapos ng kuwentuhan at halakhakan ay sumama ito sa motel at umabot nang limang buwan ang kanilang mga sekretong pagtatagpo. Para malaman kung may patutunguhan nga ang kanilang relasyon ay kinulit

---

niya ito na ipakilala siya sa pamilya nito.

Ang totoo ay may nobya siya. Tatlong taon na sila at nasasakal na siya dahil pati ang ina nito ay nakikialam sa relasyon nila. Ginigipit na si Duncan ng mga ito na pakasalan na si Margo. Iyon nga lang, hindi siya sigurado kung si Margo na nga ang “the one.” Sa tatlong taon ng pagkakilala niya rito, unti-unting nalantad sa kanya ang mga hindi kanais-nais nitong pag-uugali.

At noon niya nakilala si Elena. Naisip niyang mas mabuti kung kikilalanin niya muna ang pinagmulan ng dalaga. Baka mamaya mas masahol pa pala ito kay Margo. Alam niyang may pagka-cold itong pagkasigurista niya. Pero natuto na siya sa namayapang best friend na si George. Ganid na babae ang napakasalan nito. Inubos ng babae at ng pamilya nito ang pera ng kaibigan niya. Ang masakit ay nang ma-stroke si George ay hindi man lang ito ipinagamot ng asawa.

Hindi nila agad nalaman ang kalagayan ni George dahil sa Davao ito nag-base. Naroon kasi ang side ng asawa nito.

Masakit ang nangyari sa lalaki. Naparalisa ito dahil sa stroke at hindi na makakontak sa mga kakilala at kapamilya sa Maynila. Mabuti na lamang

at naawa ang isang kasambahay ng mga ito at ipinaalam ang kalagayan nito sa tanging pamilya ni George, ang kapatid nitong lalaki. Pero huli na rin ang lahat.

Inilibing ang kaibigan nila na hindi man lang nila nakita sa huling pagkakataon. Hanggang ngayon nga ay ongoing pa rin ang kasong isinampa ng kapatid ni George sa hipag.

“You’re gonna regret it if you do meet them,” sabi ni Elena. Nakaupo sila sa isang booth sa loob ng bar at yakap nito ang isang bote ng alak. Ayaw nitong pag-usapan palagi ang pamilya. He found her interesting that was why he wanted to know her better.

Binigyan niya ng isang mainit na halik sa labi ang babae. “I won’t. I want to meet your parents and maybe we can talk about our future after that. Don’t you want to be Mrs. Javier?”

“Okay, if that’s what you want,” sabi nito, malungkot ang mukha. “Mukhang hindi ka rin titigil hangga’t di mo nakikilala ang pamilya ko.”

“Don’t worry. Everything will be okay.” Hinalikan niya ito sa noo.

June 8 nang magbiyahe sila ni Elena papunta sa bayan ng Haigum sakay ng bagong bili niyang

sasakyan. Ang naalala ni Duncan ay nasa highway siya nang ituro ni Elena na iliko pakanan ang kotse para marating nila ang lugar ng mga ito.

“Malapit na ba?” tanong niya dahil sobrang haba ng kalsada. Una ay palayan ang natatanaw niya sa gilid ng daan, nang lumaon ay kakahuyan na. Semento ang kalsada nang una pero nang magtagal ay naging mabatong lupa. Maluwag naman at sinabi ni Elena na may pamayanan pa silang madaraan.

Nakaramdam na ng inip si Duncan nang gilid na ng bundok ang kanilang dinaraan. Bangin ang nasa kabila ng daan. May guard rails pero mas itinuoon niya ang atensyon sa kalsada para makapag-ingat.

At pagkatapos ng may pitong oras na biyahe ay dumating sila sa Haigum. Isa itong tipikal na rural na bayan. May simbahan, mababang paaralan, plaza at ospital silang nadaanan. Iyon nga lang parang luma ang lahat at gusgusin. At parang abandonado! Wala siyang gaanong taong nakikita sa daan. Napakunot-noo siya nang maalalang parang basag ang salamin ng mga bintana ng ospital.

“There used to be a big lumber mill here and our town used to be the the country’s biggest supplier of lumber. Kaso nga nagbaba ang korte ng desisyon na

ipinagbabawal na ang pagtrotroso sa mga bundok na nakapalibot dito kaya natigil ang mill at naglargahan ang karamihan para maghanap ng trabaho sa ibang lugar. Nakita mo naman kung gaano kami kalayo sa kabihasanan. Mahirap dito.” Itinuro ni Elena ang isang maliit na daan na binabakuran ng mga puno ng mahogany. Nasa gilid iyon ng munisipyo.

Doon ipinasok ni Duncan ang kotse at tumambad sa kanya ang isang lumang neoclassical mansion na may puting balustre.

Bumaba sila ng sasakyan at pumasok sa kabahayan. Sinalubong sila ng isang balbas-saradong matanda na may namumuting buhok.

“Dad, I want you to meet my boyfriend,” sabi ni Elena sa matanda. Tumingin ito sa kanya. “Duncan, this is Mayor Sarmiento, my dad.”

Iniabot niya ang kamay sa matanda pero isang mainit na yakap ang ibinigay nito.

“Welcome! Welcome!” sabi nito sabay pakpak ng likod niya. Halos kaladkarin siya nito papunta sa likod-bahay kung saan may lumuting swimming pool na punong-puno ng mga dahon. Sa isang sulok ay may bar ng mga mamahaling alak. Kumuha roon ng isang bote ng whisky ang alkalde at nagsalin sa dalawang baso. Iniabot nito ang isa sa kanya.

Masaya ang naging kuwentuhan nila ng ama ng nobya. May dumating pang dalawang lalaki na mga bigotilyo rin at nakiinuman sa kanila. Ang isa ay pinsan umano ng alkalde at isa ay ang dating campaign manager nito.

Nagtanong si Duncan kung nasaan ang ina ng kasintahan.

“She passed away a long time ago,” sagot ng alkalde bago ipinagpatuloy ang kuwento nito tungkol sa dating alagang kabayo.

Si Elena ay walang emosyong nakikinig sa kuwentuhan ng mga lalaki. Alas nueve na nang dumulog silang lima sa hapag-kainan at isang malaking litson at isang malaking isda ang nakahanda. Mukhang marangya ang buhay rito sa loob ng mansion kahit gusgusin ang labas. Mukhang mamahalin ang lahat ng bagay at may apat na katulong.

Hindi nga lang bumenta kay Duncan dahil parang hindi siya mapakali. Parang may mali sa lugar na ito na hindi niya matukoy.

“For Elena and Duncan!” sabi ng alkalde habang itinataas ang kopita para sa isang toast.

Itinaas nilang lahat ang kanilang hawak na kopita.

Hatinggabi na sila natigil sa inuman. Bumuntot siya sa kuwarto ng babae kung saan may isang magarang four-poster bed at dahil sa pagod sa biyahe at sa nainom ay agad siyang nakatulog sa dibdib ng kasintahan.

Sa isang araw pa sila uuwi. Narinig niyang sinabi ni Elena sa ama na bukas ay pupunta sila sa isang bukal para mag-swimming.



Nakasakay si Erina sa bulldozer na nasa gilid ng kanilang bahay. Scrap kasi ang negosyo ng pamilya niya kaya may mga nakatambak na sasakyan dito at kung ano pang mga lata at metal na ipinapabaklas. Napatingin siya sa nakatiwangwang na palayan sa di kalayuaan na hindi na naasikaso.

Sobrang dalang ng mga sasakyang napapagawi rito. Ang karaniwang napupunta rito ay sa palakol lang ng ama at kuya niya napupunta.

Mainit ang araw ng alas dos ng hapon, pero hindi siya ang tipong mahilig sa siesta. Wala ring kuryente rito kaya walang TV na mapagkakaabalahan. Lahat ng libreng oras niya ay napupunta lang sa pagtingin sa kalsada.

Minsan ay nangangarap siya nang gising

na may dadaang jeep sa harapan at sasabit siya palayo sa walang patutunguhan niyang buhay. Nakapag-aral siya noon sa high school, pero bago pa siya makaabot ng third year ay tumigil na ang operasyon ng *Haigum National High School* dahil sa maraming rason. Kesyo wala raw budget, delikado ang sitwasyon at kaunti na lang ang taong natitira sa bayan. Marami kasing halimaw rito sa kanila kaya nagtatakbuhan ang lahat palayo, mapa-dayo o taal na tagaroon. Ang mga walang pera para makapag-relocate na lang ang natitira rito. Lahat ng may pagpipilian ay nagsialisan na.

Nabuo lang naman ang bayan dahil sa lumber mill at bumagsak din agad nang ipasara ang pinagkakikitaan ng lahat. Sa ngayon, bukod sa pagtanim ng palay, ang plantasyon ng marijuana sa gilid ng ilog ng Sagihom ang siyang hanap-buhay ng mga kapit sa patalim.

Pagdating ng alas cuatro y media at medyo malilom na ay pumunta siya sa likuran kung saan mistulang bundok na ang mga scrap ng metal. Dumerecho pa siya ng lakad hanggang sa tumambad sa kanya ang maliit na kapatagan bago ang gilid ng bundok. Sa medyo mataas na bahagi ay naroon ang munti niyang gulayan. Ito ang tanging aliwan



niya sa buhay. Wala namang ibang oportunidad dito at pinagbabawalan siya ng pamilyang umalis sa Haigum dahil nadala na sa kanyang Ate Liana.

Lumuwas kasi itong Maynila at pinatay lang ng kasintahan. Anim silang magkakapatid. Isang lalaki at limang babae. Ang dalawa niya pang ate ay may mga asawa na. Sa likod ng kanilang bahay nakahimpil ang tatlong trailer ng mga kapatid. Ang isa pa niyang ate, si Martha, ay inampon ng isang politiko na ngayon ay mayor na sa kanilang lugar.

“Tiyang! Tiyang! Nandito raw si Tiyang Martha!” sigaw ng mga pamangkin niya. Excited ang mga ito. Minsan kasi, pag nasa huwisyong utak ni Martha ay may dalang mga pasalubong ang kapatid niyang iyon sa mga pamangkin.

Hindi tulad niya ay may laya itong gumala dahil hindi ito kontrolado ng kanilang ama. Inampon ito ni Mayor Sarmiento noong trese anyos pa lang.

Matipid na ngiti ang ibinigay ni Erina sa mga pamangkin na ang dudungis. Abala kasi sa kakatong-its ang mga ina ng mga ito kaya hindi na maalagaan ang mga anak.

“Tiyang, puntahan natin siya bukas sa mansion at baka may pasalubong!” kulit ng isa sa mga pamangkin.

Pumayag siya. Dadalhan niya na rin ng *pinakbet* si Martha. Paborito iyon ng kapatid. Minsan ay dumadaan ito sa kanila para lang magpaluto ng *pakbet* sa kanya. Nanguha siya ng okra para maulam niya.

Bukas pa darating ang kanyang ama kaya siya lang mag-isa ang kakain.

Pagdating ng gabi ay nagsindi siya ng gasera at inubos ang dalawang oras sa kakatingin sa buwan. Nakatulog siya at nananaginip na lumilipad papuntang langit.

Kinaumagahan, maaga pa lang ay ginulo na si Erina ng mga pamangkin para pumunta sila sa mansion. Inilagay niya sa isang *Tupperware* ang *pakbet* at naglakad sila nang halos isang oras bago nila narating ang *Poblacion*. Pumasok sila sa daan sa gilid ng munisipyo hanggang sa marating ang saradong gate ng mansion.

Parang walang tao. Naghintay sila at saktong napadaan ang kusinerang si Aling Paner.

“Pakitawag po si Ate sa loob, Aling Paner. Pakisabing may dala kaming *pakbet*.”

Pumasok ang kusinera pero agad ding lumabas. “Umuwi na raw kayo sabi ni Martha. May bisita siya kaya hindi n’yo puwedeng abalihin.”

“Sandali lang kami, Aling Paner,” sabi niya sa tonong nakikiusap.

Umiling lang ang katulong at tumalikod na, tumangging patuluyin sila. Hindi sila umalis sa pag-asang lalabas si Martha.

Nang bumukas ang gate ay isang sasakyan ang lumabas. Mabagal ang paglabas dahil nagti-text ang guwapong lalaking nasa manibela.

Nakita nila si Martha sa upuan sa unahan.

“Tiyang!” sigaw ng mga pamangkin niya.

Mabilis na itinaas ni Martha ang bintana ng kotse na naabutan at kinalampag ng mga pamangkin nila. Bumilis ang takbo ng kotse. Naiwan silang kumakain ng alikabok.

Natahimik si Erina. Alam niyang ikinakahiya sila ng kapatid. Mabait naman ito kapag sila-sila lang, pero kapag may tao, hindi sila nito pinapansin.

Umuwi na lang sila ng mga pamangkin.

Kinagabihan ay dumating ang kanyang amang si Samson. Matangkad at malaki itong lalaki at mainitin ang ulo kaya nagtatakbuhan sila kapag may sanib. Ibinagsak nito sa sahig ang lahat ng mga bakal na nakolekta. Lumilibot ito sa mga bayan-bayan sakay ng trak para mamili ng mga scrap. Ang totoo, nagtatago silang mag-anak sa

lugar na ito dahil binabagsakan ang ama niya ng amo nito ng mga nakaw na lumang sasakyan at motor—ipinapabaklas para maging scrap. Medyo looban ang lugar nila kaya kahit ang gobyerno ay tinatamad na pumasok dito.

“Hindi pa rin ba luto ’yan?” sigaw ng ama niya. “Nagtatrabaho ako buong araw ’tapos pagdating ko wala pa ring luto. Putragis naman, o!”

Binilisan ni Erina ang pagluluto at baka mabugbog pa siya. Pangit kasi ang kahoy na panggatong, parang basa kaya natagalan siya. Pagkaluto ay mabilis niya iyong inilipat sa plato at inihain sa ama.

Pagkatapos kumain ni Samson ay humilata ito sa banig na nakalatag sa sahig. “Gisingin mo ako mamayang alas doce,” bilin nito sa kanya. “Susunduin ko mamaya si Martha sa Crossing.”

“Opo,” sabi niya bago nagwalis ng bahay. Pudpod na nga ang walis tambo niya at hindi niya alam kung kailan siya bibilhan ng ama o Kuya niya.

Siya lang naman ang mahilig maglinis dito. Noong Grade IV si Erina ay kinupkop siya ng English teacher nilang si Mrs. Moscoso hanggang second year high school. Uwian siya madalas. Sa bahay siya ng guro kumakain ng pananghalian

kapag may pasok dahil malayo nga ang bahay nila. Bilang kapalit, ipinaglilinis niya ito ng bahay at ipinaglalaba ng damit tuwing Sabado. Parang ito na ang naging nanay niya habang lumalaki siya, pero gaya ng karamihan ay nilisan din ng guro ang bayan. Nakahanap ng trabaho ang asawa nito sa Maynila.

Gusto siyang isama roon ng guro, pero hindi pumayag ang ama niya. Pagkatapos ng ilang buwan ay nagsara nga ang high school sa bayan nila. Wala nang natirang guro sa lugar. Napakalungkot nga niya nang mawala ang eskwelahan. Pakiramdam ni Erina, pinagsarhan din siya ng pinto ng kinabuksan. Kung nagkaroon sana siya kahit high school diploma, baka nakatakas siya sa lugar na iyon.

Nang matapos na ang lahat ng gawain ay tumambay uli siya sa bintana para panoorin ang buwan sa malayo. Tingin niya tatanda na siya rito sa Haigum, walang ibang gagawin kundi ang tumingin sa buwan at sa kalsada.

## CHAPTER *Two*

*A*las cuatro pa lamang ng umaga ay nasa kotse na sina Duncan at Elena. May meeting si Duncan mamayang gabi kaya dapat makabalik na siya ng Maynila nang maaga. Binaybay nila uli ang mahabang daan pabalik sa highway. Bago sila nakarating sa gilid ng bundok ay napahinto si Duncan sa pagmamaneho dahil sa gitna ng kalsada ay may isang nakatumbang puno.

“Wala namang bagyo, ah,” takang sabi niya kay Elena. “Bakit may natumbang puno?”

Biglang bumadha ang takot sa mukha ng babae. Tumingin ito sa labas at may tatlong lalaking lumabas mula sa dilim. Ang isa ay may hawak na

mahabang baril habang ang dalawa ay may hawak na mga batuta.

Lumabas si Elena. Pipigilan sana ito ni Duncan, pero mabilis itong nakababa ng sasakyan.

“Itay Samson, ano’ng kalokohan ito?” tanong ng babae sa malaking mama na naka-cap.

“Tinawagan ako ni Mayor. Itumba raw namin ang isang puno,” sagot ng dambuhalang lalaki na tinawag na Samson.

“Hindi n’yo naiintindihan!” halos hysterikal na sagot ni Elena. “Sa ngayon dapat sa akin ka kumampi. Ipinangako ko sa ’yo na mas malaki pa ang mabibigay ko sa inyo kapag hinayaan n’yo kaming makalampas! Tatay, please!”

“Kunin ang kotseng ’yan!” utos ni Samson sa dalawang kasama.

Lumapit ang isang lalaki at tinutukan siya ng baril. Napataas ang mga braso ni Duncan sa kaba. “Umupo ka sa kabila!” utos nito. Lumipat siya sa passenger seat. Ang isang lalaki ay pumasok sa back seat. Pumasok din ng sasakyan ang matangkad na kasama nito, hatak si Elena.

“Itay, parang awa n’yo na!” iyak ni Elena sa malaking mama. “Hayaan n’yo na kami!”

Hindi niya alam kung ano ang gagawin habang

nakatutok sa kanya ang baril na ipinasa ng taong nagda-drive sa lalaki sa likuran niya. Nagbiyahe sila nang may kalahating oras bago nakarating sa isang madilim na tambakan. Tambakan dahil ang daming mga nagkalat at patong-patong na sako. Marami ring mga sasakyang nakaparke.

Hinatak siya ng isang lalaki palabas ng kotse at kinaladkad paloob sa isang madilim na bahay.

“Erina! Erina! Ilawan mo nga kami!” sigaw ng malaking mama. Pagkatapos ng ilang segundo sa dilim ay natambad sa kanila ang isang babaeng nakaputing bestida na may hawak ng kandila. Kamukha ito ni Elena, slim at matangkad, mestizahin, mas bata nga lang at mas mukhang inosente sa malalaking mga matang nakatitig sa kanila.

Parang nakita niya ito kahapon kasama ng mga batang nangalampag sa bintana ng kotse niya. Pero hindi siya sigurado.

“Ate Martha, pinuntahan ka namin kahapon!” sabi ng babae kay Elena.

Nasusuklam na tingin ang iginawad ni Elena sa babae at kay Samson. Kung siya ang tatanungin parang ito ang mga tunay na kamag-anak ng nobya at hindi ang mayor dahil may hawig ito sa malaking



mama at kamukha nito ang babaeng may hawak na kandila.

At bakit Martha ang tawag ng babae sa girlfriend niya? Sino ba itong Elenang kinasama niya? Mukhang isang pekeng katauhan ang pinakilala sa kanya. Mukhang tama si Duncan sa paniniwalang may mali.

Dapat nga talagang kilalanin muna ang taong pakakasalan. Kitam kung nasaan siya ngayon!

“Itali n’yo ’yan!” utos ni Samson sa dalawang lalaki.

Itinali nga siya. Si Elena ay tahimik na nakaupo sa isang upuan sa harap ng mesa at niyayakap ang sarili.

“Ate, gusto mong kumain? May niluto akong pakbet.” Inilapit ng babae ang pinggan sa harap ni Elena, pero isang hampas ng kamay ng huli at tumilapon ang laman ng pinggan.

“Hindi mo ba naiintindihan na ayaw ko ng kahit anong galing sa bahay na ’to?” sigaw ni Elena, nakaduro sa babae.

Nakita niya kung paano tumalim ang mga inosenteng mata ng tinawag na Erina bago ito napaatras. Mukhang lahat ng tao rito may sapi.

May dumating pa na dalawang babae na

kamukha ni Elena, pero mukhang mas matatanda. Kinaladkad ng mga ito palabas ang nobya niya. Nagwawala si Elena at kung ano-anong masasamang salita ang binibitawan.

“Si Guzman na lang ang papatay diyan,” sabi ni Samson, siya ang tinutukoy. “Matulog na tayo dahil pagod na ako. Wala na akong pahinga sa kakatrabaho para lang mapakain ang maraming peste rito!”

Pumasok sa isang pinto ang malaking mama—silid nito siguro. Lumabas naman ng bahay ang dalawang lalaking kasama nito.

Si Erina ang pinakahuling taong naiwan. Bago ito nakatalikod para pumasok sa kuwarto ay bumakas sa mukha nito ang awa.



Habang naglalaba sa poso ay nakikinig si Erina sa kuwentuhan ng mga kapatid na abala sa kakatong-its sa silong, malapit sa trailer ng kanyang Kuya Guzman.

“Iyon daw ang nobyo ni Martha. Kung hindi ba naman tanga, bakit niya pinapunta rito ang lalaking iyon? Alam naman niyang in love si Mayor sa mga ganoong sasakyan,” sabi ng kanilang panganay na

si Rhea.

“Baka kasi akala ni Martha papakingan siya ni Mayor pag sinabi niyang huwag kantiin si nobyo,” sabat ng kanyang sister-in-law na si Didith, asawa ng kanyang kuya.

Hinanap ng tingin niya si Martha. Matanda lamang ito sa kanya ng tatlong taon. Nakaupo ito sa kinakalawang na malaking trak, suot ang malaking sunglasses at nakatingin sa malayo. Walang makalapit dito dahil binubugahan nito ng masasakit na salita.

Ito na siguro ang karma ng kapatid niya—kung talagang mahal nito ang nobyo. Trabaho ni Martha na mang-akit ng mga lalaki sa Maynila at dalhin ang mga iyon sa Haigum para ma-jackpot ng ama nilang si Samson at ni Mayor Sarmiento ang kotse ng mga ito.

Nahuli ito ng sariling patibong. Galit siya sa kapatid dahil sa pagbalewala sa mga pamangkin niya noong isang araw kaya sa tuwing makakaramdam siya ng awa ay nahahaluan iyon ng inis dito at sa mga kasamaan nito.

Noong isang buwan ay isang teenager ang dinala nito sa Haigum. Batang-bata pa talaga! Hindi man lang naawa ang mga ito. Pikit-mata na lamang

niyang pinipilit kalimutan ang kahayupan ng mga kapamilya dahil wala siyang magawa. At kanino siya magsusumbong?

Mga kadugo niya ang mga ito. Ipinagluto pa nga niya si Martha ng pinakbet, di ba? Ang nakakagalit pang lalo ay itinapon lang nito ang inihanda niyang pagkain. Sa dami ng taong nagugutom dito sa Haigum, at sa ilang beses na sila mismo ay halos walang makain, may gana pa ang kapatid na magtapon ng grasya.

Nang matapos nga ang labada ni Erina ay kumuha siya ng kalabasa at beans at pinakuluan iyon sa gata para sa kanilang pananghalian. Naglagay siya ng parte sa isang pinggan para sa bagong biktima. Nakaupo ang lalaki sa sahig at nakayuko.

“Kumain ka. Sino’ng makakapagsabi, baka suwertehin kang makatakas,” mahinang sabi niya rito sabay abot ng pagkain. Napatitig siya sa lalaki. Gusto niyang mapailing. Ang ate niya talaga, mahilig sa guwapo.

Hindi kinibo ng lalaki ang pagkain.

“Masama na hinihindian ang pagkain,” sabi niya bago tumalikod para dumulog sa mesa. Siya lang at si Martha ang naroon ngayon. Ayaw kumain ng kapatid na naroon pa rin sa truck. Ang ama niya

nagbiyahe na ulit. Ang iba pang mga kapatid ay may sariling trailer sa likuran.

Habang kumakain ay napapatingin siya sa lalaki. Galit ang naniningkit nitong mga mata.

Mayamaya ay nagsalita ang lalaki. “Why are you people doing this? Alam n’yo bang masama itong ginagawa n’yo? Bakit hindi kayo magbanat ng buto para sa ikakabuhay n’yo, hindi itong nanloloko kayo ng tao?”

Ano naman ang isasagot niya?

“Sons of bitches!” sigaw ng lalaki.

Tahimik niya lang ipinagpatuloy ang pagkain. Tingin ni Erina, kung hindi nakatali ang lalaki ay baka nangbasag na ito ng mga gamit—kung may mababasag lang ito rito. Pagkatapos kumain ay tumayo siya para kumuha ng isang basong tubig. Lumapit siya pagkatapos sa lalaki, bitbit ang baso. Sinalubong niya ang sobrang talim na titig nito. As if mamamatay siya sa titig!

Natigilan siya nang makita ang *Mickey Mouse* pendant sa kuwintas nito. “Ang cute. Saan mo nakuha ’yan?”

Napayuko ang lalaki at napatingin sa pendant na tinitingan niya. Sa malungkot na boses ay nagsalita ito. “It’s from my niece.”

Napangiti siya nang malungkot. May pamangkin pala itong iiyak kapag hindi na ito nakabalik sa kanila.

“I took her to *Disneyland* for her tenth birthday,” parang wala sa loob na kuwento ng lalaki.

Napangiti si Erina sa sinabi nito. Napaluhod siya sa harap ng nakaupong bihag. “Nakapunta ka na roon? Ano’ng hitsura d’un?”

Napatitig ang lalaki sa kanya. Alam ni Erina na namimilog ang mga mata niya sa excitement. Parang medyo nainis ito. Pero hindi siya napatigil sa pagdakdak.

“Hindi pa kasi ako nakakalabas dito sa lugar namin,” kuwento niya. “Dati, noong ten years old ako ay nakapunta naman akong Manila kasama si Nanay pero matagal na ’yon. Hindi ko na nga halos maalala. Basta ang haba ng mga kalsada at maraming bahay. Marami akong narinig tungkol sa *Disneyland* noong nag-aaral ako.”

“You people are f\*cking monsters!” marahas nitong sagot. Sinigurado talaga ng lalaki na makakaabot sa kanya ang inis nito.

“Monster? Sa ganda kong ’to?” Itinikwas ni Erina ang buhok gamit ang isang kamay.

Napailing na lang ang lalaki at napausal.

“Everybody here is crazy!”

Tumayo na lang siya para iwan ito. Mukhang wala siyang mapapala rito. Pero bago siya makalayo ay may sinabi ang lalaki.

“If you help me escape, dadalhin kita sa *Disneyland*. I promise you that. Just... help me get out of this place.”

Bumalik siya sa harap nito. “Mukhang interesado si ako, pero sa sama ng ugali mo ay duda akong tutuparin mo ’yan. Mabubugbog lang ako dahil sa ’yo.”

“Ikaw kaya malagay sa sitwasyon ko, sa tingin mo ba hindi iinit ang ulo mo?” balik nito, malumanay na ang boses.

“Kung hindi ka ba naman tanga, bakit mo pinilit si Martha na pumunta rito?”

“You mean Elena?” Tumango siya. “Your sister is a great liar. She lied to me.”

“Baka kasi you deserve each other kaya nandito ka.” Binigyan niya ito ng nang-iinis na ngiti.

Sa sobrang dilim na mukha ay dinepensahan ng lalaki ang sarili. “Gago man ako o hindi, no one deserves to be here—and be treated like this!”

“Hindi mo rin ako kilala. Sa tingin mo ba bibigyan kita ng pagkain kung masaya ako sa

kinasapitan mo? Isipin mo nga, mamamatay ka na rin lang, bakit sa tingin mo nag-aaksaya pa ako ng bigas?”

Nagbigay ng sarkastikong tawa ang lalaki. “So what are you trying to tell me? Na inosente ka? You’re rotten just like the rest of them dahil nangungunsinti ka ng mga kamag-anak mo.”

Hindi siya magpapatalo kaya sarkastiko din siyang tumawa. “Sa tingin mo ba sa sitwasyong ganito ay may oras pa kaming mag-isip kung ano ang tama o mali? Palagay mo may iba pa akong pagpipilian? Kung hindi ikaw ang papatayin nila, ako ’yun kung tutulongan kita.” *At iyong mga nauna sa iyo...*

Isang iling ang isinagot ng lalaki. Hindi na ito muling napasalita pa.

Siya naman ay pumunta sa harap ng bahay para maupo sa bulldozer. Napaisip si Erina. Siguro nga tama ang lalaki sa sinabi nitong parte siya ng krimen ng pamilya dahil wala siyang ginawa para mapigil ito. Pero paano nga niya gagawin iyon? Kanino siya pupunta? Kanino siya hihingi ng tulong gayong taga-munisipyo mismo ang may pakana nito?

Ang bayan lang ng Haigum ang kinalakhan niyang mundo. Hindi niya alam kung ano ang



mundo sa labas ng apat na sulok nito.

Nang hindi na mainit ang araw ay pumunta si Erina sa gulayan para magdilig. Kumuha siya ng mga kangkong sa parteng tubigan para adobohin at nang may makain silang hapunan. Nagluluto siya nang makita niyang pumasok sa bahay si Martha at naupo sa tabi ng lalaki. Halatang inaamo nito ang bihag, pero mukhang nawalan na ng amor dito ang nobyo. Sa hitsura ng lalaki ay parang sinisisi nito si Martha. At bakit nga hindi? Hindi siguro nito namilit sa kapatid niya na pumunta rito kung sinabi lang dito ng babae ang totoong sitwasyon.

Nang maihanda niya ang pagkain sa mesa ay umupo rin si Martha. Mukhang nagutom. Hindi pa rin siya nito kinakausap. Mukhang pati siya ay sinisisi rin.

“Mga walang kuwenta ang mga tao rito,” parinig nito.

Binigyan niya ito ng masamang tingin. Bakit hindi nito sabihin iyon kapag naroon ang ama o ang kuya nila. Isang kamao lang at tatahimik ito sigurado.

Hindi na niya ito sinagot. Naghugas na lang si Erina ng mga pinggan at pumasok sa kuwarto. Lumabas siya ulit bago matulog para tanungin si

Martha kung sa silid din ba matutulog. Gusto niya kasing i-lock ang pinto.

Nakita niyang nakatulog ang ate niya sa kandungan ng lalaki na tinawag nitong Duncan. Mulat na mulat naman ang mga mata ng lalaki at nakatingin sa malayo. Hindi maipinta ang mukha nito. Ibinalot niya ang balabal sa katawan at naglakad patungo sa bintana na malapit sa dalawa.

“Ang ganda ng buwan ngayon,” sabi niya.

Naramdaman niyang napatingin sa kanya ang lalaki.

“Alam mo ba ang favorite kong libro doon sa library sa high school namin noon ay ang unang pagtapak ng mga astronauts sa buwan. Pangarap ko ngang maging astronaut. Kapag nagdi-daydream ako, ini-imagine kong alien ang leading man ko. Alam mo ’yon, sa panaginip lang ako makakawala sa hawla ko kaya nilulubos-lubos ko na ang imagination ko.”

“Peke daw ang first landing sa moon,” sabi ng lalaki sa dilim.

Napatingin siya rito.

“Sabi ng mga Soviet scientists, parang peke raw ang mga pictures na ni-release ng America noon.” Himala at walang bakas ng galit ngayon sa boses

ng lalaki. Natuwa siya dahil kahit papaano ay may makakausap siya tungkol sa outer space.

Kapag mga kapamilya kasi ang kausap ni Erina, sinasabihan lang siya na sira ang ulo dahil puro na lang planeta ang gusto niyang pagkuwentuhan.

“Baka kasi dahil magkaribal sila kaya sinisiraan nila ang achievements ng isa,” sabi niya.

“Maybe. Maybe not. Wala naman tayo roon to decide what’s the truth. Alam mo ba na sa ngayon ay may nakita na silang planetang halos kasing-laki ng Earth? Kepler ang name niya.”

Napaawang ang mga labi ni Erina. Pakiramdam niya ay tumigil ang mundo at lumipad siya sa kalawakan. Lumuhod siya sa harap ng lalaki para makinig ng mga nabasa nito.

Parang lumamlam ang mata ni Duncan nang mapatitig sa mukha niya. Pagkatapos nga nitong sabihin na itinuturing na mas matanda at mas malaking pinsan ng Earth ang Kepler ay pinuna nito ang mga mata niya. “May nakapagsabi na ba sa ’yo na ikaw ang may pinakamalaking mata sa lahat ng nakita nila?”

Tumango siya. “Tinutukso nga akong kuwago.”

At naalimpungatan si Martha kaya mabilis siyang napatayo at baka kung ano pa ang ibintang

---

sa kanya ng kapatid. Pinag-iinitan kasi siya nito, lalo na kapag napupuri siya. Nang sabihin niya ritong ila-lock niya ang silid kung hindi ito papasok ay tumayo na siya para matulog.

Maaga pa siyang gigising para magdilig ng mga gulay.

## CHAPTER *Three*

**P**agkabalik ni Erina sa bahay ay naroon si Mayor Sarmiento. Naabutan niya itong sinasampal si Martha. Bumibisita nga ito minsan sa kanila para tingnan ang mga abandonadong sasakyan dahil sa alkalde ang magaganda sa mga nakahilera. Sinasabi nito sa kanyang ama kung kailan nito gustong ipa-chop-chop.

“Ipinadala kita sa Manila para magtrabaho, hindi para lumandi!” sabi ng alkalde kay Martha, hawak ang panga ng babae. “Ito ba ang ipinagmamalaki mo?” Itinuro ng alkalde si Duncan.

Walang sagot mula kay Martha. Tahimik lang nitong ininda ang pagpisil ng mayor sa mukha.

“Ito ba?” sigaw ng mayor sabay tadyak kay

Duncan. Itinulak nito pagkatapos si Martha sa sahig.

Habang nakasubsob ay napahagulgol si Martha. “Dinalhan ko na kayo ng maraming kotse rito, dapat palayain n’yo na ako dahil pagod na ako!”

“Ako ang diyos dito! Ako ang magdedesisyon kung titigil ka o hindi!” parang baliw na sigaw ng alkalde. Napaatras siya sa dagundong ng boses nito.

“Parang awa mo na, Dad!” iyak ng kapatid. “Hayaan mo na kaming makaalis.”

Hindi na siya tumuloy sa loob ng bahay. Natatakot kasi si Erina sa alkalde kaya umaalis talaga siya kapag nasa bahay ito. Siya sana ang aampunin ng namayapang asawa nito, lamang ay nagkasakit siya at nanlagas ang buhok niya kaya si Martha ang kinuha.

Pasalamat na rin siya dahil kung halimaw ang ama niya, mas halimaw ang alkalde. Sa trailer siya ng kuya niya tumambay. Nang wala na ang bisita ay saka siya pumasok sa bahay.

“Mga hayup!” sigaw ni Martha sabay sipa sa lamesa nila. Nasira tuloy lalo. Sira na nga, sisirain pa.

Ayaw niyang patulan ang kapatid kaya lumabas na lang siya para tumambay sa bulldozer.

Ang mga pamangkin niya ay naglalaro ng patintero sa ilalim ng mainit na araw. Inubos niya

sa kadi-daydream ang oras niya hanggang sa hindi na masakit ang araw. Nagtungo siya sa gulayan niya. Pag-uwi ay dala niya ang mga lulutuin.

Narinig niya ang boses ng kanyang Kuya Guzman na umaalingawngaw mula sa loob ng bahay. Nakaramdam siya ng awa sa magkasintahan. Mukha naman kasing matinong tao si Duncan.

Pumasok siya sa kabahayan at dumerecho sa kusina para makapagsaing. Mabuti naman at may dalang karne ang kuya niya. Makakapagluto si Erina ng masarap-sarap ngayon para sa hapunan. Tamang-tama ang kangkong, talong at sili para makapagluto siya ng pork sinigang.

Nang mailagay na niya sa hapag-kainan ang sinigang at kanin ay sumabay sa kanila ang kuya niya at ang mga pamangkin nila. Pati ang mga bayaw niya ay dumating din.

“Ikaw ang papatay diyan,” sabi ng ama niya sa kuya niya habang itinuturo ang bisita sa sala.

“Bakit hindi na lang kayo?” balik ng kuya niyang mas matangkad kaysa sa kanilang ama.

“Kotse lang ang pinapatay ko, hindi tao. Gago!” sagot ng ama.

“Bakit? Trabaho ’yun ng mga tao ni Mayor. Taga-libing lang ako. Bakit ngayon sa ’tin na

ipinapagawa? Umaasa pa ba siyang makakaakyat siya sa langit pag iba ang yumari sa isang ito?”

“Hay naku!” sagot ni Samson. “Pupunta ako ngayon sa bayan para sa lamay ni Gaul kaya ikaw na pumatay diyan.”

Walang imik ang kuya niya. Nagdagdag lang ito ng sinigang sa plato. Pagkatapos kumain ay kumuha ito ng toothpick at nagpahangin sa labas. Nawala ito at naisip niyang baka namahinga sa trailer nito.

Pumasok uli ito ng bahay nang bandang alas diez. Nag-aayos na siyang matulog. Bumubukol sa baywang nito ang baril.

Mayamaya ay nakita na lang niyang kinakaladkad nito palabas si Duncan. May kung anong kabang bumundol sa dibdib ni Erina. Napatingin siya sa hitsura ng lalaki. Nakayuko ito at wala nang natitirang pag-asa sa mukha. Ni hindi na ito nagpupumiglas. Tahimik lang itong sumunod sa pangkukuwelyo ng kuya niya.

Kasingtangkad ito ng kuya niya pero parang lumiit sa talunang tindig.

Napahawak si Erina sa dibdib at napaupo. May kung anong kamay na pumiga sa puso niya. Mayamaya ay lumabas ang bagong gising na si Martha mula sa kuwarto nila. “Erina, nakita mo ba



si Duncan?”

“Dinala ni Kuya sa labas!” mabilis niyang sumbong.

Patakbong lumabas si Martha. “Kuya! Kuya, maawa ka, please!”

Lumabas na rin siya ng bahay para tingnan ang mangyayari. Sinundan niya si Martha. Doon ang mga ito sa gulayan niya nagsigawan.

“Umalis ka nga dito, Martha, kung ayaw mong masuntok diyan. Isa!” sigaw ng kuya nila.

Ayaw umalis ni Martha kaya sinipa ito ng kuya nila. Nalugmok si Martha.

“Kuya! Huwag diyan! Ang mga gulay ko!” sigaw niya mula sa kinatatayuan.

Si Duncan ay nakalugmok na sa lupa. Nakatali ang mga kamay nito at paa. Para itong manok na nagkukumahog na makawala, pero sa tindi ng pagkakatali ng kuya niya ay imposibleng makalaya ito.

Si Martha ay hindi pa rin nagpapatalo. Tumayo ito at nakipagsuntukan sa kuya niya. Pinatulan ng kapatid nila si Martha. Parang papatayin talaga nito ang babae kaya lumapit na siya.

“Kuya, tama na ’yan!” sigaw ni Erina sabay hatak kay Martha palayo sa takot na mapatay ito

ng kanilang panganay.

“Ano? Sasali ka rin ha? Kakampi ka kay Martha?” sigaw ng kuya nila sabay tadyak sa likod niya.

Parang nawalan siya ng hininga na napasubsob sa lupa. Akala niya ay titigil ito kapag nakita na siyang nakasubsob pero sinipa pa siya uli pagkatapos sipain si Martha. Si Martha ay mukhang nawalan na ng malay. Pagapang siyang pumunta sa gulayan dahil may inilagay siya roong kawayan, gagawin niya dapat kabagan ng kalabasa.

Dinampot niya ang kawayan at tumayo. Ang kuya niya nakaharap na kay Duncan. Pero bago pa nito mabunot ang baril sa tagiliran ay hinampas na niya ito ng kawayan sa ulo. Sa lakas ng pagkakahampas niya ay natumba sa lupa ang kanilang panganay. Mukhang tulad ni Martha ay nawalan din ito ng malay.

Pumunta siya sa taniman ng kamatis para kunin ang kutsilyong naroon. Lumapit siya pagkatapos kay Duncan at kinalas ng kutsilyo ang tali sa mga kamay nito.

“Salamat!” ang sabi ng lalaki habang pinagtutulungan nilang kalasin ang tali sa mga paa nito.

Nang makatayo ito ay lumapit siya sa kuya niya

at kinapkap ang susi ng pickup sa bulsa ng pantalon nito. Iniabot niya ang susi kay Duncan. “Dali! Nandoon ang pickup truck sa kalsada. Buhatin mo si Martha at huwag na huwag na kayong babalik dito. Iligtas n’yo ang mga sarili n’yo!”

Lumapit siya kay Martha para gisingin ito, pero hinablot ni Duncan ang braso niya.

“Teka!” pabulong na sabi niya, binabawi ang braso. Pero mabilis na tinakpan ng lalaki ang bibig niya. Nagpumiglas siya ngunit mapuwersa ito. Binuhat siya nito sa baywang nang hindi pa rin binibitiwan ang bibig niya.

Hindi talaga siya makawala. Nakita na lang niyang nasa kalsada na sila. Isinakay siya nito sa loob ng pickup at hinarap.

“I think you need to come with me, Erina,” sabi sa kanya ng lalaki bago lumigid para makasakay sa driver’s seat.

Hindi siya makagalaw. Napatingin siya sa kalsada at tila may mga paru-parong lumipad sa loob ng tiyan niya. Napatingin siya sa lalaki. Puno ng determinasyon ang mukha nito na tahakin ang dilim.

At umandar ang sasakyan. Napatingin siya sa bahay nila na paliit nang paliit habang nagmamaneho

ang lalaki palayo.

“Saan tayo pupunta?” tanong niya.

“To freedom, babe!” sagot nito. Tiningnan siya nito sandali bago muling itinutok ang tingin sa kalsada.

Tahimik niyang tinitigan ang daan. Hindi niya talaga alam kung ano ang sasabihin sa lalaki. Ewan ba kung bakit siya ang binitbit nito. Dahil ba nangako itong ipapasyal siya sa *Disneyland* basta tulungan niya itong makatakas? Hindi naman niya talaga sineryoso ang panunuhol nitong iyon.

Malalim na ang gabi, pero hindi siya makaramdam ng antok. Tutok ang mga mata ni Erina sa mga nakikita sa daan. Nang makarating sila sa highway ay parang narinig niyang nakahinga nang maluwag ang lalaki. Pero maya’t maya ay napapatingin ito sa salamin para alamin kung may nakasunod sa kanila. Wala naman.

May mangilan-ngilang sasakyan silang nakakasalubong sa highway.

Pakiramdam ni Erina ay napasok siya sa panibagong mundo habang binabagtas ang tila walang katapusang daan. Habang tumatagal ay lalong dumadami ang mga sasakyan. Noon siya nakaramdam ng antok. Pero hindi niya hinayaan

ang sarili na mapapikit dahil ayaw niyang may makalampas sa kanya sa bago niyang mundo.

Isa pa, baka nananaginip lang siya at mamaya ay magising na naroon pa rin siya sa bahay nila sa Haigum.

Hindi nagtagal ay pumutok na ang liwanag at nanghaba ang leeg niya sa pagtanaw sa mga nagtatayugang gusali. Dati sa libro lang at newspaper sa kanilang eskwelahan niya ito nakikita, ngayon ay nasa kanyang harapan na.

“Close your mouth, baka pasukan ng langaw ’yan,” sabi ng lalaki.

Napapahiyang isinara ni Erina ang bibig. Siguro mukha siyang obvious na ngayon lang nakakita ng matatayog na gusali.

Napaismid ang kasama. Hindi na niya ito pinansin. Baka masama lang talaga ang ugali.

Huminto sila sa isang building na may magandang hardin. Pumasok sila sa parking area at naghilera roon ang magagarang mga kotse.

“Ipapakilo ko ’to bukas para amanos,” sabi ng lalaki patungkol sa sasakyan ng kuya niya. “Ang *Audi* na ’yon bagong-bago pa. Nagtrabaho ako para mabili ’yon, ’tapos ka-carnap-in lang ng iba.”

Pinaparinggan yata siya dahil nga instrumental

ang mga kapamilya niya kaya nawala rito ang sasakyan. Hindi na niya sinagot-sagot ang lalaki dahil totoo naman.

Bumaba sila ng pickup at bumuntot siya sa lalaki nang pumasok ito sa elevator. Napahawak siya sa laylayan ng polo nito sa likuran. Natatakot siyang baka maiwan. Hindi naman nag-react ang lalaki. Pagkalabas nila sa elevator ay dumerecho sila sa isang pinto.

Moderno at sobrang linis ng tirahan ni Duncan. off-white ang kulay ng dingding at halatang bago ang mga gamit.

“We’ll stay here for the night, pero bukas ay aalis din tayo para hindi ka masundan. Hindi ko pa naisama si Elena dito, pero mabuti na ang nag-iingat. Parang nasabi ko sa kanya na dito ako nakabili ng unit,” sabi ni Duncan. “Nga pala, gagawa ako ng paraan para makapagpatuloy ka sa pag-aaral.”

Hindi niya alam ang isasagot. Tahimik lang siyang umupo sa itim na sofa. Ang lalaki ay nagbukas ng ref at nag-init ng pagkain sa isang microwave. May alam naman siya roon dahil may ganoong oven si Mrs. Moscoso.

Inimbita siya pagkatapos sa dining table para

tulungan itong ubusin ang spaghetti at manok. Kulang sa kanila ang nasa isang food ware dahil pareho silang gutom kaya nagluto ng apat na malalaking sausage ang lalaki.

Mayamaya ay naglagay ito ng galon ng ice cream sa mesa. Nahiya siyang kumuha, pero ipinaglagay siya ni Duncan sa isang baso. Ngayon lang siya nakatikim ng ice cream na ganoon at ang sarap! Nahiya siyang magpakita ng matinding tuwa at baka masupalpal na naman ni Duncan.

Pagkatapos kumain ay itinuro ng lalaki ang isang pintuan. “Doon ka muna. Bukas, lilipat tayo doon kina Mommy.”

Isang napakakomportableng kuwarto ang kanyang napasukan. May kama, salamin, flat screen na TV at aircon. Humiga siya sa kutson at wala na yatang lalambot pa roon. Hindi niya inasahan na pagpikit niya mga ng mata ay agad siyang kakainin ng mundo ng mga panaginip.

Nakasakay raw siya sa isang kakarag-karag na sasakyan. Nagbabiyaha raw sila sa kalsada samantalang hinahabol ng makabagong sasakyan ni Mayor Sarmiento at ng mga tauhan nito. Pero hindi sila naabutan dahil magaling talagang mag-drive si Duncan.